

Leaflet “Proteksyon sa Bata – Tayong Lahat ay may Tungkulin”

Proteksiyon sa Bata –Tayong Lahat ay May Tungkulin

Ang paglaki at pag-unlad ng mga bata ay nangangailangan ng pagmamahal ng kanilang mga magulang at tagapag-alaga pati na rin ang naaangkop na pangangalaga at disiplina. Kung ang kaligtasan sa pisikal at sikolohikal o kalusugan ng mga bata ay inilagay sa panganib o napabayaan ng kanilang mga magulang o tagapag-alaga, magkakaroon ito ng masamang epekto sa mga bata. Ang mga epektong ito ay karaniwang magdudulot ng mas malaking pinsala sa mga bata kaysa sa mga idinulot ng ibang tao. Sa sikolohikal, ang mga bata na sinaktan/minaltrato ay magdurusa hindi lamang mula sa mga pisikal na sugat kundi pati na rin sa iba't ibang lalim ng pinsala sa mga pagkilos ng katawan at intelektwal na progreso na maaaring magresulta sa kamatayan sa mga malubhang kaso. Pagdating sa sikolohikal at kalagayan sa lipunan, ang mga problema ay lilitaw sa pag-uugali, damdamin, pang-unawa at pakikipag-ugnayan ng mga bata. Kung ang mga problemang ito ay hindi malulutas, maaari itong humantong sa trauma sa mga bata at maaari ring makaapekto sa kanilang pagiging magulang at pagdidisiplina sa bata na nagdadala ng mga potensyal na problema sa susunod na henerasyon.

Ang pagprotekta sa mga bata mula sa pananakit/pagmamaltrato ay hindi lamang karapatan ng mga bata kundi responsibilidad rin ng kanilang mga magulang, /mga bantay, tagapag-alaga at ng lipunan. Anuman ang kasarian, edad, lahi, wika, relihiyon, katayuan ng paninirahan, kalagayan sa kalusugan, kakayahan o pag-uugali ng mga bata, dapat masiguro ng mga magulang at lahat ng sektor ang kaligtasan sa pisikal at sikolohikal ng mga bata hangga't maaari upang maiwasan ang pagmamaltrato sa mga bata.

Ano ang Pagmamaltrato sa Bata

Sa isang malawak na kahulugan, ang pagmamaltrato sa bata ay tinukoy bilang anumang pagkilos o kapabayaan na isinapanganib o nakapinsala sa pisikal/sikolohikal na kalusugan at paglaki ng isang indibidwal sa

edad na 18 pababa.

Ang pagmamaltrato sa bata ay ginagawa ng mga indibidwal na sa kanilang mga pagkatao (hal. edad, katayuan, kaalaman, pang-organisasyon na anyo) ay nasa posisyon ng iba't-ibang kapangyarihan na nagbibigay panganib sa isang bata. May pananagutan sila sa pangangalaga o pangangasiwa ng bata, o may papel sa pangangalaga o pangangasiwa ng bata dahil sa kanilang mga katayuan/pagkakakilanlan. Sa mga kaso ng sekswal na pang-aabuso sa bata, isinasama rin nila ang iba pang mga indibidwal na nasa posisyon ng iba't-ibang kapangyarihan sa bata. Ang mga taong ito, na maaaring kilala o hindi kilala ng bata, ay maaaring maging mga matatanda o mga menor de edad.

Mga Uri ng Pananakit/Pagmamaltrato

(1) Pisikal na Pananakit/Pang-aabuso

Tumutukoy sa pisikal na pananakit sa katawan o pagdurusang naidulot sa isang bata sa pamamagitan ng marahas o iba pang paraan (hal. pagsuntok, pagsipa, pamamalo gamit ang isang bagay, paglalason, pananakal, pagsunog, pag-alog ng isang sanggol o Factitious Disorder Imposed on Another), kung saan mayroong isang tiyak na kaalaman. o isang makatwirang hinala na ang pinsala ay hindi sinasadya.

Higit pang impormasyon tungkol sa pisikal na pananakit/pang-aabuso ay ang mga sumusunod.

Posibleng Indikasyon ng Pisikal na Pananakit/Pang-aabuso

Mga Pisikal na Indikasyon

- Mga galos, hiwa, kagat, pagkapaso, paltos, bali, panloob na sugat o anupang mga ibang mga sugat na hindi aksidente
- Mga marka sa mga kamay, pulso, binti, bukung-bukong, tiyan at baywang na nagpapahiwatig na maaaring itinali ang bata
- Ang mga galos o sugat, parehong bago at luma, indikasyon na ang bata ay maaaring sinugatan ng maraming beses

- Ang bata ay mukhang pagod na pagod, mahina o may palatandaan ng pagkalagas ng buhok o depresyon

Mga Indikasyon sa Pag-uugali

- Mga paliwanag ng sanhi/paraan ng pinsala ng bata na ginawa ng magulang/tagapag-alaga/bata ay hindi nakakakumbinsi/sumasalungat sa o hindi pare-pareho sa mga pinsala na natamo
- Hindi o pagpapaliban sa pagpapagamot sa bata na nasugatan
- Sobrang damit na isinusuot ng bata upang takpan ang kanyang katawan
- Pag-arte/paggaya sa mga eksena ng pananakit/pagmamaltrato sa paglalaro o pang-araw-araw na pag-uugali ng bata

Abusadong Pagka-head Trauma (na dating kilala bilang “Shaken Baby Syndrome”)

- Abusadong Pagka-head Trauma (na dating kilala bilang Shaken Baby Syndrome) ay naglalarawan ng mga malubhang pinsala na maaaring mangyari kapag ang mga sanggol o mga bata ay marahas na inalog o dumanas ng masamang epekto na may kaugnayan sa malakas na pagpalo, pagbagsak, paghila, atbp.
- May isang agwat sa pagitan ng sankap ng utak ng tao at ng bungo na hindi masyadong magkadikit. Lalong may kahinaan ang mga sanggol dahil sa lambot ng utak at sa kawalan pa ng kalamnan sa leeg. Ang marahas na pag-alog ng isang sanggol kahit ilang segundo lang na may biglang bilis-bagal na puwersa, o dumanas ng malakas na hampas ay parehong magdudulot ng pinsala sa kanyang maselang utak, na hahantong sa mga malubhang pinsala tulad ng permanenteng pinsala sa utak, pagkabulag, pangingisay o pati na ang kamatayan.
- Maaaring mangyari ito kapag ang isang tagapag-alaga ay bigla na lang nagagalit o kabiguan sa pagpigil sa pag-iiyak. Gayunpaman, ang pag-alog ng isang sanggol ay hahantong sa malubhang problema at kaya huwag kailanman hawakan ang sanggol nang puwersahan.
- Para sa mga detalye ng Abusadong Pagka-head Trauma at pag-alaga sa sanggol na hindi tumitigil sa pag-iyak, mangyaring sumangguni sa website na ito ng Kagawaran ng Kalusugan:

https://www.fhs.gov.hk/english/health_info/child/13041.html.

- Para sa mga audio-visual na katulungan sa Shaken Baby Syndrome, mangyaring sumangguni sa website ng Kagawaran ng Kalusugan:

https://www.fhs.gov.hk/tc_chi/mulit_med/000019.html (mayroon sa Cantonese na bersyon lamang).

- Kung alam mo o pinaghihinalaan mo na ang iyong sanggol ay malubha o marahas na inalog, kaagad na isa-ayos ang pagsusuri sa medikal ng iyong sanggol sa isang ospital sa Hospital Authority. Huwag ilihim dahil sa kahihyan, pagkakasala, o takot. Dapat mong sabihin sa kawani ng medikal ang katotohanan at hayaang makatanggap ang iyong sanggol ng pinaka tamang paggamot.

Ang pangkatawanang pagpaparusa ba ay maituturing na pisikal na pananakit/pang-aabuso?

- Ang pangkatawanang pagpaparusa ay karaniwang tumutukoy sa pamamalo sa isang bata para masaktan siya upang baguhin o kontrolin ang ugali ng bata. Karamihan sa mga sitwasyon, ang pangkatawanang pagpaparusa ay ginagamit ng mga magulang/tagapag-alaga sa mga bata para sa pagdidisiplina nang walang hangaring saktan ang mga bata. Gayunpaman, ang pangkatawanang pagpaparusa ay hindi angkop o epektibong paraan sa disiplina ng bata. Kapag ang mga magulang/tagapag-alaga ay nababalisa, ang parusa ay maaaring tumindi o sumobra at magiging isang dahilan ng pagbunton ng kanilang damdamin. Hindi lamang ito magiging kabiguan sa layunin ng disiplina ng bata ngunit hahantong sa maraming hindi kanais-nais na mga kahihinatnan. Bukod sa nakakapinsala sa pisikal ng mga bata, ang pangkatawanang pagpaparusa ay makakapinsala din sa sikolohikal na pag-unlad ng bata, hal. pagkawala ng tiwala sa sarili o pag-udyok sa mga bata na gumamit din ng karahasan sa paglutas ng problema. Higit sa lahat, ang relasyon ng magulang sa anak ay maaapektuhan din.
- Maraming kaso ng pisikal na pananakit/pagmamaltrato ang nagmula sa pangkatawanang pagpaparusa ng mga magulang sa kanilang mga anak. Walang ganap na pamantayan sa pagtukoy kung anong uri ng pangkatawanang pagpaparusa ang humahantong sa pisikal na pananakit/pagmamaltrato. Dapat suriin ng mga kawani ang mga halaga ng mga indibidwal na kaso. Ang pangunahing konsiderasyon ay ang

pinsala at ang potensyal na epekto na dulot ng pisikal/sikolohikal na kalusugan ng bata sa pamamagitan ng pag-uugali kaysa sa kung ang magulang/tagapag-alaga man ay may balak na saktan ang bata.

Ano ang magiging epekto sa mga bata na sinasaktan/inaabuso?

- Ang mga bata na sinasaktan/inaabuso ay magdurusa hindi lamang mula sa mga pisikal na pinsala at sakit kundi pati na rin ang iba't ibang antas ng pinsala sa mga paggana ng katawan at intelektwal pag-assenso na maaaring humantong sa kamatayan sa mga malubhang kaso.
- Bilang karagdagan, ang mga problema ay lilitaw sa pag-uugali, damdamin, pang-unawa at relasyon ng mga bata. Kung ang mga problemang ito ay hindi naaksyunan nang maayos, maaapektuhan nito ang paglaki ng mga bata at maging sanhi ng trauma. Ang ganitong mga problema ay maaari ring makaapekto sa kanilang pagiging magulang at pagdidisiplina ng bata na nagdadala ng mga potensyal na problema sa susunod na henerasyon.

(2) Sekswal na Pang-aabuso

- Tumutukoy sa pagpilit o paghihikayat sa isang bata na makibahagi sa anumang sekswal na aktibidad para sa sekswal na pagsasamantala o pang-aabuso at ang bata ay hindi pumapayag o lubos na hindi nauunawaan o hindi naiintindihan ang sekswal na aktibidad na nangyayari sa kanya dahil sa kakulangan sa kaisipan.
- Kasama sa sekswal na aktibidad na ito ang mga pag-uugali na mayroon o walang direktang pisikal na pakikipag-ugnay sa mga bata (hal. panggagahasa, oral sex, hikayatin ang bata na paglaruan ang ari ng iba/ipakit ang kanyang kabahagi, paggawa ng pornograpikong materyal, atbp.).
- Kasama sa sekswal na pang-aabuso ang pang-akit sa isang bata sa pamamagitan ng mga gantimpala o iba pang paraan, kasama din ang pinasadyang pagbuo ng relasyon at/o emosyonal na koneksyon sa bata sa pamamagitan ng iba't ibang paraan para makuha ang kanyang tiwala sa isang hangarin na abusuhin siya ng sekswal (hal. pakikipag-ugnay sa bata sa pamamagitan ng mobile phone o Internet).
- Ang napagkasunduang sekswal na aktibidad sa pagitan ng isang

kabataan at ibang tao ay maaari ring kasangkot sa sekswal na pagsasamantala ng isang tao na ang mga katangian ay nasa posisyon ng iba't-ibang kapangyarihan sa kabataan.

Karagdagang impormasyon tungkol sa sekswal na pang-aabuso ay ang mga sumusunod.

Maling Paniniwala vs Katotohanan tungkol sa Sekswal na Pang-aabuso

Maling Paniniwala

Ang mga anyo ng sekswal na pang-aabuso ay panggagahasa, insesto at malaswang pag-atake.

Ang mga bata ay sekswal na

Katotohanan

Maliban sa mga nakakasakit na pag-uugali, ilang mga pagkilos na walang pisikal na paghawak, tulad ng malaswang paglalantad, pagsulsul sa isang bata na paglaruan ang ari ng iba/ipakita ang kanyang mga sekswal na ari, o i-pustura sa malaswang paraan/manood ng mga sekswal na gawain ng iba/pornograpikong pelikula, video o mga babasahin, atbp. paggawa ng pornograpikong materyal, atbp. ay mga gawain din ng sekswal na pang-aabuso.

Kasama rin sa sekswal na pang-aabuso ang pasadyang pagbuo ng isang relasyon/isang emosyonal na koneksyon sa isang bata sa pamamagitan ng iba't ibang paraan para makuha ang kanyang tiwala na may hangaring sekswal na pang-aabuso sa kanya (hal. pakikipag-usap sa isang bata sa pamamagitan ng mobile phone o Internet).

Kahit sa pahintulot sa sekswal na gawain ng isang kabataan at ng isang tao, maaari rin itong ituring bilang sekswal na pang-aabuso kung kasangkot ang sekswal na pagsasamantala ng isang tao na, sa pamamagitan ng kanyang mga katangian, ay mas makapangyarihan kaysa sa kabataan.

Kadalasan, ang mga maysala ay kilala ng bata. Sila ay mga taong may kapangyarihan,

inaabuso lamang ng mga taong hindi kakilala.

- Mga batang babae lamang ang sekswal na inaabuso.

pinagkakatiwalaan at minamahal ng bata. Maaari din silang kamag-anak ng bata. Madalas na napapasailalim ng maysala ang bata sa sex o sekswal na kilos sa pamamagitan ng mga panghihikayat, mga gantimpala, mga panlinlang o kahit pamimilit.

- Ang mga batang lalaki ay maaari ring maging biktima ng seksuwal na pang-aabuso ng mga maysala ng pareho o ibang kasarian.

Mga Posibleng Indikasyon ng Seksual na Pang-aabuso

Karamihan sa mga batang sekswal na naabuso ay hindi, ayaw o natatakot, ibunyag ang kanilang karanasang pang-aabuso. Maaaring kinumbinsi o binantaan sila ng maysala na hindi nila dapat sabihin sa sinuman ang tungkol dito. Ang mga batang sekswal na inabuso ay maaaring magkaroon ng mga pagbabago sa pag-uugali, emosyonal o pisikal. Kailangang malaman ng mga adulto ang mga sumusunod na indikasyon ng isang bata:

Mga Pisikal na Indikasyon

- Mga reklamo ng sakit, pamamaga o pangangati sa lugar ng ari
- Kontrol sa pagdudumi o sa pantog ay humina sa kabila ng nakasanayan sa banyo
- Paulit-ulit na impeksyon sa palaihian
- Sakit na nakukuha sa pakikipag-talik
- Pagbubuntis

Mga Indikasyon sa Pag-uugali

- Kaalaman tungkol sa sex o sekswal na pag-uugali na lampas sa inaasahan para sa edad ng bata
- Batang nakikitaan ng partikular na interes sa mga bahagi ng katawan ng adulto o paulit-ulit na paghawak sa sensitibong mga bahagi ng katawan ng adulto
- Pag-akto/paggaya sa mga sekswal na pang-aabusong eksena sa paglalaro o pang-araw-araw na pag-uugali
- Ang isang batang mas may edad ay karaniwang nakikihiga sa parehong kama ng kanyang magulang ng ibang kasarian

- Ang isang bata na may sapat na kakayahan sa pag-aalaga sa sarili na ang tagapag-alaga na madalas na nag-aasikaso sa kanyang personal hygiene/kapakanan (hal. paliligo, paglilinis pagkatapos gumamit ng banyo, pagpapalit ng damit, atbp.)
- Sobrang pag-masturbate
- Labis na pagtakot na maiwan mag-isa, ayaw tumingin sa mata ng iba
- Ayaw na ayaw na magpaiwan sa isang lugar o sa isang tao/isang partikular na sekso/(mga) indibidwal na kilala
- Madalas na bangungot, hirap sa pagtulog nang maayos o insomya
- Nalulumbay, mababang tingin sa sarili, na may tangkang saktan ang sarili o pagpapakamatay
- Mga problema sa pag-uugali (hal. anorexia/bulimia, labis na katabaan, sinasaktan ang sarili, paglalayas sa bahay, pagpapakamatay, kawalan ng delikadesa, alkoholismo at pag-abuso sa droga)

Ang mga indikasyon sa itaas ay para sa reperensya lamang. Kung alinman sa mga indikasyon sa itaas ay naobserbahan, karagdagang pagsasaliksik ay pinapayong gawin.

Ano ang dapat kong gawin kung naghihinala ako na ang isang bata ay sekswal na inaabuso?

Mga Dapat Gawin

- ✓ Panatilihin ang isang kalmado at mapagkakatiwalaang asal
- ✓ Makipag-usap sa bata sa isang ligtas na kapaligiran
- ✓ Himukin ang bata na ibunyag kung ano ang nangyari upang maunawaan ang sitwasyon
- ✓ Tiyakin sa bata na nauunawaan mo ang kanyang damdamin at seryosong hahawakan ang kanyang problema
- ✓ Tiyakin sa bata na tama ang ginagawa niya sa pagbubunyag ng insidente sa sekswal na pang-aabuso

Mga Hindi Dapat Gawin

- ✗ Masyadong mabalisa, may pagkiling/kahina-hinalang asal
- ✗ Gumawa ng mapanghusgang komento
- ✗ Magtanong ng mga haka-haka o nangungunang mga katanungan
- ✗ Walang malasakit/nagwawalang bahala

- ✓ Ipaalam sa bata na ang sekswal na pang-aabuso ay mali at hindi dapat ilihim
- ✓ Ipaalam sa bata na hindi niya kasalanan na maabuso sa sekswal

Kung ang isang bata ay nagsiwalat na sekswal siyang naabuso:

Mga Dapat Gawin

- ✓ Kaagad na humingi ng tulong mula sa mga propesyonal, tulad ng social worker, Pulis o doktor, atbp.

Mga Hindi Dapat Gawin

- ✗ Magkomento o sisihin ang maysala sa harap ng bata
- ✗ Hilingin sa bata na itago ang pangyayari dahil sa takot ng mga kahihinatnan ng pagbubunyag
- ✗ Sisihin ang bata sa pang-aakit/pagpapahintulot sa iba na magkaroon ng sekswal na gawain sa kanya
- ✗ Tanungin ang sinabi ng bata

Kung sakaling may pagdududa:

- ✓ Maaari kang humingi ng tulong mula sa mga propesyonal, tulad ng social worker, Pulis o doktor, atbp.

Paano maiiwasan ang sekswal na pang-aabuso?

- Hayaang maunawaan ng mga bata ang mga sumusunod:
 - Ang mga maysala ay maaaring mga taong hindi kakilala o isang tao na kilala nila.
 - Ang ilang mga bahagi ng katawan, hal. mga dibdib, maselang bahagi ng katawan, atbp ay pribado kaya't walang ibang dapat humawak sa mga ito.
 - Pagmamay-ari nila ang kanilang katawan na may karapatan silang tanggihan ang sinumang may masamang paghawak o hindi magiliw na kahilingan (kasama na ang kanilang mga magulang at kamag-anak).
 - Maaari silang tumanggi sa iba't ibang paraan tulad ng pag-iling, matigas na pagsasabing "HINDI", pagsigaw, pagtakbo, atbp o kaagad

na paghingi ng saklolo sa iba.

- Ang sekswal na pang-aabuso ay isang hindi wastong pagkilos at hindi dapat itago ito.
- Himukin ang mga bata na humingi ng tulong sa pamamagitan ng pagsasabi sa isang pinagkakatiwalaang adulto tungkol sa karanasan sa sekswal na pang-aabuso o sikretong panghihipo na nakakagambala sa kanila.
 - Kahit na hindi sila pinaniniwalaan ng isang adulto, dapat parin nilang sabihin sa ibang mga matatanda na pinagkakatiwalaan nila hanggang sa may maniwala sa kanila at tulungan sila.
- Huwag pilitin o hikayatin ang mga bata na yumakap o humalik sa mga kamag-anak nang kaswal. Ipaalam sa mga bata ang karaniwang distansya sa iba.
- Madalas sa mga maysala ang hindi gumagamit ng pisikal na puwersa upang sumali ang isang bata sa sekswal na gawain. Mas gugustuhin nilang hikayatin ang bata na magsagawa ng sekswal na kilos sa pamamagitan ng pagsamantala sa tiwala at kalinga ng bata sa iba. Dapat alagaan ng mga magulang ang kanilang mga anak upang matiyak ang kanilang emosyonal na kasiyahan at bigyang pansin ang kanilang mga kakilala upang maiwasan ang pagsasamantala ng mga maysala sa kanila.
- Dapat tratuhin ng mga magulang ang mga katawan ng kanilang mga anak na may paggalang at pag-aalaga upang matutunan ng mga anak at hilingin sa iba na tularan din ang paggalang sa kanilang katawan.
- Makipag-usap sa mga bata at hikayatin silang magtanong o magbahagi ng kanilang karanasan. Ipaliwanag sa kanila na dapat nilang ipagbigay-alam sa iyo o sa ibang mga matatandang mapagkakatiwalaan kung sila ay sekswal na naabuso.

(3) Kapabayaán

Tumutukoy sa isang malubha o paulit-ulit na kawalan ng pansin sa mga pangunahing pangangailangan ng isang bata na nagsasapanganib o nakapipinsala sa kalusugan o paglaki ng bata. Ang kapabayaán ay maaaring sanhi ng mga sumusunod na anyo:

- (a) Pisikal (kasama ang hindi pagbibigay ng kinakailangang pagkain/damit/tirahan, kabiguan ng pag-iwas sa pisikal na pinsala/pagdurusa, kawalan ng angkop na pangangasiwa, iniwan ang isang bata na walang pagbabantay, hindi wastong pag-iimbak ng mga mapanganib na gamot na hahantong sa

aksidenteng paginom ng bata o pagpahintulot sa bata na manatili sa isang kapaligiran na may umiinom ng gamot na hahantong sa paglanghap ng bata sa mga mapanganib na gamot); o

- (b) Medikal (kasama ang hindi pagbibigay ng kinakailangang gamot o gamot sa mental na kalusugan sa isang bata); o
- (c) Pang-edukasyon (kasama ang hindi pagbibigay ng edukasyon o hindi pagpansin sa mga pangangailangan sa edukasyon/pagsasanay na nagmula sa kapansanan ng isang bata).

Higit pang impormasyon tungkol sa kapabayaang ay ang mga sumusunod.

Para sa isang malusog na paglaki ng isang bata, ang mga sumusunod na PANGUNAHING PANGANGAILANGAN ay kailangang mailaan:

- **Pagkain**

Isang balanse at masustansyang pagkain na naaangkop sa edad at pisikal na paglaki ng mga bata at wastong kaugalian sa pagkain ay tumutulong sa tamang pisikal na paglaki ng mga bata.

- **Personal na Kalusugan at Kalinisan**

Isang maayos na kapaligiran tahanan, malinis at masinop na pananamit, sapat/naaangkop na damit para sa iba't ibang mga lagay ng panahon at nararapat na paggamot para sa medical/mental na kalusugan ay kinakailangan para sa malusog na paglaki ng mga bata.

- **Kaligtasan sa Tahanan**

Upang maiwasan ang mga aksidente, ang mga bata ay hindi dapat iwanang walang nag-aalaga sa bahay at kailangang matiyak ang isang ligtas na kapaligiran sa bahay. Ang mga mapanganib na bagay/pambahay na gamot ay dapat maitabi nang maayos upang maiwasang mapinsala ang mga bata ng mga gamit na ito.

- **Tulog at Pahinga**

Ang pagbibigay ng isang tahimik at komportableng kapaligiran sa

pagtulog at ang pagkakaroon ng maayos na kaugalian sa pagtulog ay makasisiguro ng sapat na pahinga na kinakailangan ng mga bata.

● **Edukasyon**

Ang pagbibigay ng edukasyon ang magpapabilis ng intelektwal na pag-unlad ng mga bata. Ang mga batang may espesyal na pangangalaga/pangangailangang pang-edukasyon ay dapat na isaayos para sa naaangkop na pagsusuri, edukasyon o pagsasanay.

Posibleng Indikasyon ng Pagpapabaya

- Sa pisyolohikal, maaaring magpakita ang mga bata ng kakulangan ng sustansya, kakulangan sa timbang at mga palatandaan ng pagkaantala ng paglaki.
- Sanggol/pre-school na bata na iniwan nang walang nag-aalaga sa bahay
- Madalas na hindi pumapasok sa paaralan/pagbawi sa paaralan nang walang dahilan o biglaang pagkawala ng kontak
- Hindi napapagamot na problemang pang-pisikal o hindi napapatingnan na pangangailangang medikal/dental
- Marumi o lumang pananamit
- Patuloy na reklamo ng gutom, humihingi o nagnanakaw ng pagkain
- Walang adulto o angkop na tagapag-alaga sa bahay
- Pagkalason/aksidenteng paglunok ng mga mapanganib na gamot o mga mapanganib na sangkap
- Sanggol/bata na nalantad sa mga lugar na may pinaghihinalaang mapanganib na gamot o kagamitan sa paginom ng gamot

Posibleng Indikasyon ng Mga Magulang/Tagapag-alaga na Naiuugnay sa Kapabaya

- Paulit-ulit na pagtanggap sa iba na lumapit sa bata o pinagbabawalan ang bata na makipag-usap nang direkta sa mga tauhan
- Pinapayagan ang bata na patuloy na mag-absent sa paaralan o pagbabawal sa bata na makatanggap ng edukasyon nang walang maayos na mga kadahilanan
- Pagbabawal sa bata na makatanggap ng mga pangkalusugan/medikal na follow-up o mga check-up nang walang maayos na mga kadahilanan
- Hindi pag-aaplay ng mga dokumentong birth certificate/pagkakilanlan para sa bata nang walang maayos na mga kadahilanan
- Paginom ng mga pinaghihinalaang mapanganib na gamot sa harap ng bata

(4) Sikolohikal na Pananakit/Pang-aabuso

Tumutukoy sa isang paulit-ulit na pag-uugali at/o pakikipag-ugnayan sa pagitan ng tagapag-alaga at ng bata, o isang matinding insidente na nagsapanganib o nakapinsala sa pisikal at sikolohikal na kalusugan ng bata (kasama ang emosyonal, pang-unawa, pakikisalamuha at pisikal na paglaki).

Karagdagang impormasyon tungkol sa sikolohikal na pananakit/pang-aabuso ay ang mga sumusunod.

Ang Sikolohikal na Pananakit/Pang-aabuso ay maaaring mabuod sa mga sumusunod na pag-uugali:

Hindi Pagtanggap, Pagbubukod at Pag-alipusta

Ang pagpapabaya sa emosyonal na pangangailangan ng bata at kawalan ng emosyonal na pakikipag-ugnay sa kanya, pinagkakait sa bata ng isang normal na buhay pakikisalamuha (hal. ang paglalagay ng mga hindi makatwirang limitasyon o paghihigpit sa pakikipag-ugnay sa mga miyembro ng pamilya, kaalinsabay o iba pa sa komunidad), patuloy na panunuya sa bata, hindi makatuwirang pagbulyaw, pagpapahiya sa bata sa publiko, panlilibak sa bata, ibinababa ang bata at walang pakialam sa bata, pinapahiya ang personal na halaga ng bata.

Mga Pagbanta

Pagbabanta sa bata ng mga salita at marahas na pagdidisiplina, matinding pananakot sa bata at kawalan ng katiyakan na ang kanyang kaligtasan ay nasa ilalim ng walang tigil na pagbabanta (hal. nagbabanta na pababayaang/iiwanan ang bata sa mga mapanganib o nakakatakot na sitwasyon, pagtatakda ng mga inaasahang bagay na mahigpit o hindi makatotohanan na may banta ng pinsala o panganib kung hindi sila natutugunan).

Panlilinlang

Hindi naaangkop na pakikipag-ugnay sa paglaki ng bata (hal. pagtrato na isa nang matanda, pagtrato na isa nang magulang, pagtrato na sanggol pa lamang), pagpigil ng bata sa kanyang pakikisalamuha at kahusayan sa pakikipag-ugnayan sa loob ng kakahayan sa pamamagitan ng paglinang ng

mga hindi wasto/lihis na mga ideya at konsepto (hal. pagpilit sa bata na sumailalim sa labis na mapagmataas na pag-uugali ng pagiging magulang, pagmamaniplula o pagkontrol sa buhay ng bata na nakakabagabag sa konsepto ng bata sa tama at mali, nagpapahiwatig ng pagkakasala o pag-udyok ng balisa).

Mga Posibleng Indikasyon ng Sikolohikal na Pananakit/ang-aabuso

- Nauugnay sa sikolohiya, ang bata ay kulang sa timbang o mahina, mabagal ang paglaki, dumaranas ng karamdaman sa pagkain, pisikal na balisa o mga sintomas na nagmula sa pagkagambala sa sikolohikal o emosyonal (e.g. sakit ng ulo, sakit ng tiyan, pagtatae, pagsusuka, allergy sa balat, atbp.)
- Nauugnay sa pag-uugali, ang bata ay maaaring hindi makikipag-ugnay sa iba at sa iba pang mga tao, magpakita ng mga sintomas ng pagkabalisa (e.g. nakagawiang pagkagat ng kuko, buhok, pagsupsop ng hinlalaki, pag-untog ng ulo at pag-alog sa katawan, atbp.) pag-ihing, kinaugaliang saktan ang sarili

Mga Posibleng Indikasyon ng Mga Magulang/Tagapag-alaga Kaugnay sa Sikolohikal na Pananakit/Pang-aabuso

- Ang pagiging hiwalay o walang pakialam sa bata, madalas na nagtatangi ng isang partikular na bata at tinatanggihan o tinatrato siya ng masama, palagiang pinapagalitan o madalas pinapahiya ang bata
- Madalas na iginigiit sa bata ang responsibilidad ng isang adulto/na hindi nararapat para sa kanyang edad, pinagbabawalang magpahayag ang bata ng kanyang mga opinyon, damdamin at kagustuhan, naghihikayat sa paglihis o kriminal na pag-uugali.
- Kakaibang parusa, paiba-ibang pag-uugali
- Paulit-ulit na inaakusahan ang iba ng pananakit/pagmamaltrato sa bata nang walang patunay na katibayan, pinapasailalim ang bata sa paulit-ulit na hindi kinakailangang imbestigasyon

Pangangalaga sa Pisikal at Sikolohikal na Kaligtasan ng Bata

Ang mga bata ay kailangan ng pagmamahal at kahalagahan upang sila ay lumaki at magkaroon ng ligtas at malusog sa pisikal, sikolohikal at mga aspeto ng pakikisalamuha. Sa parehong oras, kinakailangan din na matutunan ng mga bata na alagaan ang kanilang sarili at makayanan ang pang-araw-araw

na buhay. Dapat na magkaroon ang mga bata ng pagkakataon na maipahayag ang kanilang sariling mga pananaw, makabuo ng positibong imahe ng sarili at tiwala sa sarili, magkaroon ng kahulugan ng pagkakakilanlan, at makabuo ng magandang interpersonal na relasyon.

Upang matiyak ang normal na paglaki ng pisikal at sikolohikal na kalusugan, ang mga magulang o tagapag-alaga ay dapat magbigay ng sapat na pangangalaga, paghihikayat at suporta sa mga bata. Mahalaga rin ang paglalaro, komunikasyon at angkop na pisikal na mga kaugnayan. Kapag ang mga anak ay gumawa ng mali, dapat na turuan at gabayan sila ng mga magulang ng may tiyaga. Ito ang pinakamahalaga sa pagkakaroon ng tiwala sa sarili ng mga bata, emosyonal na regulasyon, madaling makabawi, at isang positibo at tiwala na interpersonal na relasyon sa hinaharap.

Ano ang magagawa natin upang matulungan ang bata mula sa pananakit/pagmamaltrato at sa maysala?

- Kung pinaghihinalaan na ang pisikal at sikolohikal na kaligtasan ng isang bata ay nasa panganib o nasaktan, dapat itong seryosohin sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa sitwasyon at paghingi ng tulong sa lalong madaling panahon.
- Ang bata na nasaktan/minaltrato ay maaaring mag-alala tungkol sa mga kahihinatnan ng pagbubunyag sa insidente. Ang ilang mga bata ng mga etnikong minority ay maaring nagpakita ring umatras o mag-atubili sa pagbubunyag sa pangyayari dahil naiimpluwensyahan ng kanilang kultura. Kung ang bata ay nagpapakita ng pag-aalala o pagkabalisa, dapat na unawain ang kanyang nararamdaman at dapat na bigyan siya ng tulong hangga't maaari upang mapawi ang kanyang pag-aalala. Dapat ding hikayatin ang bata na ibunyag ang pangyayari sa pamamagitan ng pagtulong sa kanya na maunawaan ang kahalagahan ng pagbubunyag nang hindi na siya mas mapahamak.
- Hindi kinakailangang maunawaan ng maysala na maaaring may problema sila sa kanilang pag-uugali. Kahit na alam nila ang problema, madalas na hindi nila makontrol ito o hindi kinakailangang humingi ng tulong. Ang mga taong nakakakilala sa kanila ay maaaring humikayat sa kanila na humingi ng tulong sa

lalong madaling panahon.

- Kahit sinong indibidwal o pamilya ay may mga maliliit o malalaking problema. Ang pananakit/pagmamaltrato sa isang bata ay maaaring tanda ng mga personal o pampamilyang problema. Kahit na laging may solusyon sa bawat problema, ang batang sinaktan/minaltrato at ang nagkasala ay parehong nangangailangan ng tulong na propesyonal upang harapin ang mga problema na kinakaharap nila.
- Inaasahan na ang lahat na nagmamalasakit sa paglaki ng mga bata ay maaaring mapataas ang kamalayan sa problema ng pananakit/pagmamaltrato sa mga bata at asikasuhin ang kaseryosohan at malayong epekto ng problema.
- Kung may alam kang bata na sinaktan/minaltrato, mangyaring makipag-ugnay sa kinauukulang organisasyon o sa Social Welfare Department Hotline (Tel: 2343 2255) o Yunit ng Mga Serbisyo sa Proteksyon ng Pamilya at Bata ng kani-kanilang distrito sa lalong madaling panahon.

Para sa mga kaugnayan ng Yunit ng Mga Serbisyo sa Proteksyon ng Pamilya at Bata,

https://www.swd.gov.hk/en/index/site_pubsvc/page_family/sub_listofserv/id_family_andc/